REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 01-047**

**KAPASIYAHAN NA IPINAGKAKALOOB ANG APLIKASYON PARA SA AKREDITASYON NG BIÑAN COMMUTER SERVICES ASSOCIATION INC. V**

***************************************************************************

Ipinanukala nina:
**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
**KGG. RENE CARL S. CAYETANO**
**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
**KGG. ICASIANO M. DELA REA**
**KGG. BAL NIEFES**
**KGG. NICANOR L. ECHAVEZ**
**KGG. MARIO E. BULAY, JR.**
**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
**KGG. ELMER S. ESPELETA**
**KGG. FRANCIS IAN T. BAGATSING**
**KGG. MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**

***************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa **Seksiyon 34 ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991,** tungkulin ng lokal na pamahalaan na itaguyod ang pagtatatag at operasyon ng mga pangmamamayan at di-pangpamahalaang samahan upang maging aktibong kasangga sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

**SAPAGKAT,** ang **Biñan Commuter Services Association, Inc. (BCSAI)** na matatagpuan sa Blk. 18 Lot 33 Washington St., Town and Country, Southville, Biñan, Laguna ay nagsumite ng aplikasyon para sa akreditasyon ng kanilang samahan;

**SAPAGKAT,** layunin ng **Biñan Commuter Services Association, Inc. (BCSAI)** na magbigay ng pantransportasyong serbisyo para sa rutang Alabang-Laguna (Pagsanjan) via Sta. Cruz , matapos itong makakuha ng prankisa sa Land Transportation Office-Land Transportation and Franchising Board (LTO-LTFRB);

**SAPAGKAT,** ang nasabing samahan ay nagsumite ng kumpletong dukumento na hinihingi at kinakailangan ng Sangguniang Panlungsod para sa akreditasyon;

**SAPAGKAT,** ang ibibigay na akreditasyon sa **Biñan Commuter Services Association, Inc. (BCSAI)** ay bilang pagkilala lamang ng Pamahalaang Lungsod sa kanilang samahan at di-pagbibigay pahintulot upang maging ganap ang kanilang layunin nang walang mga kaukulang dokumentong ipinagkakaloob ng LTO-LTFRB para sa operasyon ng pantransportasyong serbisyo;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na ipagkaloob ang sertipiko ng akreditasyon sa **Biñan Commuter Services Association, Inc.**

*Pahina 2*
*Kapasiyahang Panlungsod Blg. 01-047*

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong ika-**22** ng **Nobyembre, 2001** sa ginanap na ika-**15 Regular na Sesyon.**

**SINANG-AYUNAN:**

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**FRANCISCIAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbrangay*

Sangguniang Panglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

*Pahina 3*
*Kautusang Panlungsod Bilang 01-047*

| *HINDI LUMAHOK* | *LIBAN:* |
|---|---|
| **MGGL. RAUL R. CORRO** | **MELCHOR R. TEVES** |
| *Konsehal* | *Konsehal* |

**PINATOTOTOHANAN** ko, nag katumpakan ng Kautusang ito..

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO, JR.**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Tumatayong Pang. Pungonlungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
*Tumatayong Punonglungsod*
*Petsa:* ________

***Lito Salamat/Nory***